

**AccessibleBC:
Pamahalaan ng British Columbia
Plano ng Kakayahang Maka-akses
2022/23-2024/25**

Mga Nilalaman

Mensahe mula sa Premier

Mensahe mula sa Ministro

Mensahe mula sa mga Kasamang Tagapangulo ng Panlalawigang Komite sa Kakayahang Maka-akses

Taunang Ulat ng Pagpapatupad

Panimula sa Plano ng Kakayahang Maka-akses ng Pamahalaan ng BC

Mga Aksyon Hanggang Ngayon

Pagsusulong: Ang Aming mga Priyoridad para sa 2022/25

Konklusyon

Apendiks 1: Buod ng mga Priyoridad

Apendiks 2: Tala-orasan ng Pagpapatupad

Mensahe mula sa Premier

Ang aming pamahalaan ay kumikilos upang lumikha ng isang mas madaling ma-akses at inklusibong British Columbia. Ang higit pang mga hadlang na pisikal, virtual, at pangsalobin ay kailangang alisin. Ang ating lalawigan ay mas mahusay kapag ang lahat, anuman ang kakayahan, ay maaaring makilahok nang lubusan.

Ang *AccessibleBC* ay nagtatayo sa matagal na pangako ng ating pamahalaan sa isang magkakaibang lalawigan na nagtatrabaho para sa lahat. Kinukumpleto nito ang mga umiiral na prayoridad ng pamahalaan, tulad ng pangako sa inklusibong paglago ng ekonomiya sa StrongerBC, ang planong pang-ekonomiya ng pamahalaan.

Ang *AccessibleBC* ay isang makabuluhang pagsulong sa aming patuloy na gawain upang maipatupad ang ating unang panlalawigang batas ng kakayahang maka-akses. Alam namin na marami pang dapat gawin. Ang mga iminungkahing aksyon sa planong ito ay nagbibigay sa amin ng isang panimulang punto. Iaangkop namin ang mga priyoridad na ito habang naririnig natin mula sa mga tao. Sa diwa ng "**Walang Tungkol sa Amin, Kung Wala Kami,**" kami ay magpapatuloy na makipagtulungan sa mga taong may kapansanan at sa mas malawak na komunidad upang matiyak na ang sinabuhay na karanasan ng mga tao ay nasa gitna ng ating gawain.

John Horgan
Premiyer ng British Columbia

Mensahe mula sa Ministro

Ang Batas ng Kakayahang Maka-akses ng B.C. (Accessible B.C. Act) ay ang unang panukalang-batas na aking ipinakilala sa Lehislatura kasunod ng aking pagkahirang bilang Ministro. Ako ay napakumbabang makita na ang mahalagang panukalang batas na ito ay naipatupad noong Hunyo 17, 2021. Ang bagong batas ay nagbibigay ng ligal na balangkas kung saan ang pamahalaan, sa pakikipagtulungan sa mga taong may mga kapansanan at mas malawak na komunidad, ay magpapatuloy na magtrabaho upang matukoy, alisin, at maiwasan ang mga hadlang sa ganap at pantay na pakikilahok ng mga taong may mga kapansanan sa B.C.

Alam namin ang mga layunin ng bagong Batas na ito ay maaari lamang makamit kung ang pamahalaan at komunidad ay patuloy na nagtutulungan upang matupad ang isang mas madaling ma-akses at inklusibong hinaharap. Iyon ang dahilan kung bakit nasisiyahan akong ipakilala ang AccessibleBC, ang plano ng kakayahang maka-akses ng pamahalaan para sa 2022-2025. Kasama ng aming gawain upang maitatag ang bagong Panlalawigang Komite ng Kadaliang Maka-akses ng pamahalaan, at ang aming patuloy na gawain upang mapabuti ang mga paraan para sa mga tao na magbigay ng katugunan sa pamahalaan tungkol sa kadaliang maka-akses, ang planong ito ay nagbabalangkas kung paano hinahangad ng mga ministro ng pamahalaan na magpatuloy na itanim ang isang pangako sa kadaliang maka-akses sa kanilang trabaho. Ang AccessibleBC ay isang hakbang pasulong, ngunit alam namin na marami pa ring dapat gawin. Habang ang planong ito ay nagtatakda ng mga priyoridad na may mataas na antas para sa pagsulong ng kakayahang maka-akses, magiging kritikal na patuloy tayong makinig sa mga boses ng mga taong may mga kapansanan upang hubugin at gabayan ang aming gawain.

Bagaman mahalaga na pangunahan ng pamahalaan ang daan, nais din naming tiyakin na ang aming ibinahaging gawain upang gawin ang B.C. na isang mas inklusibo at madaling ma-akses na lalawigan ay umaabot pa sa labas ng gawain ng pangunahing pamahalaan. Iyon ang dahilan kung bakit epektibo sa Setyembre 1, daan-daang iba pang mga organisasyon ng pampublikong sektor ay kakailanganin na magtatag ng mga komite ng kakayahang maka-akses, mga plano sa kakayahang maka-akses at isang kagamitan ng katugunan sa kakayahang maka-akses. Mula sa mga lokal na pamahalaan hanggang sa mga institusyong pang-edukasyon, mula sa mga puwersa ng pulisya hanggang sa mga Awtoridad sa Kalusugan at higit pa, nangangahulugan ito na marami sa ating mga pinakamahalagang pampublikong institusyon ay makikipag -ugnay sa pangunahing pamahalaan sa gawain nito upang matugunan ang mga hadlang sa mga darating na taon.

Sa pagsasara, nagpapasalamat ako sa mga miyembro ng aming bagong Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses para sa mahalagang payo at impormasyon na ibinigay nila at patuloy na ibibigay, ang mga dedikadong pampublikong

tagapaglingkod na tumulong upang ayusin ang pagbubuo ng AccessibleBC, at ang mga tao sa paligid ng lalawigan na ang payo at ang impormasyon ay tumutulong upang gabayan at hubugin ang aming pangitain para sa isang tunay na madaling i-akses at inklusibong hinaharap.

Nicholas Simons

Ministro ng Panlipunang Pag-unlad at Pagbabawas ng Kahirapan

Mensahe mula sa mga Kasamang Tagapangulo ng Panlalawigang Komite sa Kakayahang Maka-akses

Natutuwa kaming ipakilala ang AccessibleBC, ang plano ng kakayahang maka-akses ng pamahalaan para sa 2022-2025. Bilang mga pampasinayang kasamang tagapangulo ng bagong Panlalawigang Komite sa Kakayahang Maka-akses ng B.C., isang karangalan na suportahan ang mga pagsisikap ng B.C. na maging isang mas madaling ma-akses at inklusibong lalawigan.

Nais naming kilalanin at palawakin ang aming pasasalamat sa aming mga kapwa miyembro ng Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses. Bawat miyembro ay nagdadala ng magkakaibang mga pananaw na itinatag sa kanilang sariling isinabuhay na karanasan ng mga hadlang pati na rin ang kanilang karanasan sa pagsusuporta sa iba sa komunidad ng may kapansanan. Ang isinabuhay na karanasan ng mga taong may mga kapansanan sa buong lalawigan ay napakalawak ang pagkakaiba-iba at, bilang karagdagan sa payo ng Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses, alam natin na kritikal na ang pamahalaan ay patuloy na maghanap ng impormasyon mula sa mga taong may mga kapansanan sa paligid ng lalawigan habang ang gawain upang maipatupad ang Madaling Ma-akses na B.C. ay umuunlad.

Ang mga miyembro ng Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses, kasama na ang ating sarili, ay sanay na manirahan sa isang mundo na hindi itinayo nang may pagsasaalang-alang sa atin. Maging ito ay isang gusali na may mga hagdan sa halip na isang rampa, isang hintuan ng bus na hindi makilala ng isang bulag na tao mula sa isang munisipal na palatandaan, isang opisyal na broadcast na hindi isinalin sa American Sign Language, isang patakaran na hindi ipinaliwanag sa simpleng wika, o alinman sa maraming iba pang mga hadlang na nakakatagpo ng mga taong may mga kapansanan araw -araw. Ang trabahong ginagawa upang maipatupad ang Batas ng Accessible BC ay pinapanatili kaming gumagalaw sa tamang direksyon, ngunit marami pa ring dapat gawin. Umaasa kami na may isang pakiramdam ng optimismo ngunit alam din namin na ang pangitain ng isang mas madaling ma-akses at inklusibong hinaharap ay maisasakatuparan lamang sa pamamagitan ng aming ibinahaging pagsisikap at pagpapasiya.

Taunang Ulat ng Pagpapatupad 2021/22

Ang Seksyon 6 ng *Batas ng Accessible B.C.* (ang Batas) ay nanghihingi sa Ministro ng Panlipunang Pag-unlad at Pagbabawas ng Kahirapan na maglathala ng isang taunang ulat na naglalarawan sa mga aksyon na ginawa sa bawat taon ng piskal ng ministro at Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses upang ipatupad ang *Batas* at mga regulasyon nito.

Ang sumusunod na impormasyon ay nagbubuod ng mga hakbang upang maipatupad ang Batas at iba pang mga aksyon ng Pangasiwaan ng Kakayahang Maka-akses noong 2021/22.

Pangasiwaan ng Kakayahang Maka-akses

Noong Taglagas ng 2021, itinatag ng pamahalaan ang Pangasiwaan ng Kakayahang Maka-akses, ang pangkat na responsableng magtatrabaho sa buong pamahalaan at sa mga taong may mga kapansanan at mas malawak na komunidad upang maipatupad ang Batas.

Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses

Noong Disyembre 3, 2021, ang Ministro ng Panlipunang Pag-unlad at Pagbabawas ng Kahirapan ay nagtalaga ng 11 mga indibidwal bilang mga unang miyembro ng Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses. Ang pagiging kasapi ay naglalayong ipakita ang pagkakaiba-iba ng mga British Columbian at kinabibilangan ng mga taong may mga kapansanan, mga indibidwal mula sa mga organisasyon na sumusuporta sa mga taong may mga kapansanan, mga taong may kulay, at mga kinatawan ng Katutubo.

Ang komite ay magpupulong ng hindi bababa sa apat na beses sa isang taon. Noong 2021/22, nagpulong ang komite noong Enero at Marso ng 2022. Magkakasamang pinamumunuan ni Dan Coulter, Kalihim ng Parlyamentaryo para sa Kakayahang Maka-akses, at Spring Hawes, kasama sa gawain ng komite ang pagpapayo sa pamahalaan sa pagpapatupad ng Batas, pagtulong sa pamahalaan na unahin ang mga

pamantayan sa kakayahang maka-akses at pangasiwaan ang proseso ng pagbubuo ng mga pamantayan sa mga lugar tulad ng trabaho, edukasyon, transportasyon, at serbisyo sa kostumer.

Mekanismo ng Katugunan ng Pamahalaan

Bilang bahagi ng gawain upang maipatupad ang Batas, bumubuo ang pamahalaan ng isang mekanismo ng katugunan para sa mga indibidwal upang dalhin ang pansin sa mga hadlang na natagpuan sa pagkuha ng mga serbisyo ng pamahalaan. Ang bagong mekanismo ng katugunan na ito ay makakatulong sa pamahalaan sa trabaho nito upang matukoy at matugunan ang mga hadlang sa ganap at pantay na pakikilahok ng mga taong may mga kapansanan sa lalawigan.

Ang Pangasiwaan ng Kakayahang Maka-akses ay makikipagtulungan sa Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses at iba pang mga kasosyo ng pamahalaan upang mapadali ang matatag na pagsubok ng gumagamit bago ilunsad ang mekanismo ng katugunan.

Nilalayan ng pamahalaan na ipakilala ang bagong mekanismo ng katugunan sa Taglagas 2022. Kapag gumagana na, ang natanggap na katugunan ay makakatulong sa pamahalaan sa paggawa ng mga serbisyo nito na mas madaling makuha at ipapaalam ang mga plano sa kakayahang maka-akses sa hinaharap. Pansamantala ang mga tao ay maaaring magbigay ng mga katugunan sa accessibility@gov.bc.ca.

Plano ng Kakayahang Maka-akses ng Pamahalaan

Noong 2021/22, ang Pangasiwaan ng Kakayahang Maka-akses ay nakipagtulungan sa Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses at mga ministro sa buong pamahalaan upang mabuo ang unang plano ng kakayahang maka-akses ng pamahalaan 2022/23-2024/25.

Regulasyon ng Accessible BC

Ang Pangasiwaan ng Kakayahang Maka-akses ay kumunsulta at nakipag-ugnay sa higit sa 800 mga pampublikong sektor na mga organisasyon at

mga kasosyong Katutubo mula Agosto hanggang Oktubre 2021 upang masuri ang pagiging handa ng mga pampublikong sektor na mga organisasyon upang sumunod sa Bahagi 3 ng Batas.

Simula Setyembre 1, 2022, higit sa 750 mga pampublikong sektor na organisasyon ay mayroong hindi bababa sa isang taon upang sumunod sa Bahagi 3 ng Batas ng Accessible B.C. Kakailanganin silang magkaroon ng isang komite ng kakayahang maka-akses, isang plano ng kakayahang maka-akses at isang mekanismo ng katugunan ng publiko sa lugar.

Ang pamahalaan ay nagbigay ng \$3 milyon sa loob ng tatlong taon upang suportahan ang mga organisasyon sa pagtugon sa mga ligal na kinakailangan upang makamit ang pagsunod. Ang pagpopondo ay pangangasiwaan ng Alyansa ng Kapansanan ng BC (Disability Alliance BC).

Pagkilala sa Linggo ng AccessAbility (Kakayahang Maka-akses)

Ang Linggo ng AccessAbility (Kakayahang Maka-akses) ay nagtataguyod ng inklusyon at kakayahang maka-akses, habang ipinagdiriwang din ang mga tao sa komunidad ng kapansanan na nagtatrabaho upang matukoy, alisin, at maiwasan ang mga hadlang sa kakayahang maka-akses.

Noong 2021, inihayag ng lalawigan ang Mayo 30 hanggang Hunyo 5, 2021, bilang linggo ng AccessAbility (linggo ng Kakayahang Maka-akses), na napasabay sa Pambansang Linggo ng Kakayahang Maka-akses (National Accessibility Week) at Pambansang Linggo ng Kakayahang Maka-akses ng Katutubo (National Indigenous Accessibility Week).

Bilang bahagi ng Linggo ng AccessAbility (Linggo ng Kakayahang Maka-akses), inihayag ng pamahalaan ang pagpopondo ng \$500,000 na mga gawad na ipapamahagi ng Alyansa ng Kapansanan ng BC (Disability Alliance BC) para sa mga nakabatay sa komunidad na proyekto ng kakayahang maka-akses.

Noong Disyembre 2021, 15 mga aplikante ang nakatanggap ng mga gawad na mula sa \$10,500 hanggang \$40,000, depende sa laki at saklaw ng proyekto upang maisulong ang kakayahang maka-akses. Ang mga pinondohang proyekto ay nagmumula sa pagtuturo ng sining at terapi sa

paggalaw hanggang sa mga plano ng pagtugon sa emerhensiya at mga programa sa bisikleta para sa bingi at nahihirapang makarinig.

Noong 2022, pinagtibay ng pamahalaan ang isang regulasyon sa ilalim ng *Batas ng Accessible B.C.* upang mag-atas ng linggo para sa linggo ng AccessAbility simula sa huling Linggo sa Mayo at magsisimula sa 2022. Ito ay nakahanay sa Pambansang Linggo ng Kakayahang Maka-akses sa ilalim ng Batas ng Kadaliang Maka-akses ng Canada at sa Pambansang Linggo ng Kakayahang Maka-akses ng Katutubo.

Paunang gawain upang maghanda para sa pagbubuo ng mga pamantayan sa kakayahang maka-akses

Noong Marso 2022, tinalakay ng mga miyembro ng Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses kung paano ipa-prayoridad ang pagbubuo ng mga pamantayan sa kakayahang maka-akses. Ang kanilang impormasyon ay magpapaalam sa desisyon ng Ministro sa pagkakasunud-sunod ng mga pamantayan.

Makikipagtulungan sa mga Komite ng Pagpapayo

Noong 2021/22, sinuportahan ng Pangasiwaan ng Kakayahang Maka-akses ang gawain ng mga sumusunod na komite ng pagpapayo:

- Grupo ng mga Pangulo: Isang network ng mga pinuno ng negosyo na mga kampeon para sa higit pang mga inklusibong lugar ng trabaho. Nagbibigay sila ng mga kagamitan sa mga tagapag-empleyo upang madagdagan ang mga oportunidad sa pagtatrabaho para sa mga taong may mga kapansanan.
- Grupo ng Aksyon sa Rehistradong Plano ng Pag-iimpok sa Kapansanan (Registered Disability Savings Plan Action Group): Ang pangkat ay gumagana upang madagdagan ang pangmatagalang seguridad sa pananalapi para sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng paggamit ng Rehistradong Plano sa Pag-iimpok sa Kapansanan.

- Nagtatrabahong Grupo sa Kapansanan sa COVID-19: Isang pangkat ng mga taong may isinabuhay na karanasan sa isang kapansanan at mga tagapagtanggol ng kapansanan. Ang pangkat ay nagbigay ng dalubhasang payo at mga potensyal na solusyon sa panahon ng pandemya. Ito ay binuwag na.

Panimula sa Plano ng Kakayahang Maka-akses ng Pamahalaan

Ang Pamahalaan ng British Columbia ay nakatuon sa pagiging isang inklusibong lalawigan para sa lahat ng nakatira dito. Mayroong mahigit sa 926,000 na mga taong nabubuhay na may ilang uri ng kapansanan sa B.C. Noong Hunyo 2021, ang *Batas ng Accessible B.C.* ay naging batas at nagtatag ng isang ligal na balangkas upang matukoy, alisin, at mapigilan ang mga hadlang sa ganap at pantay na pakikilahok ng mga taong may mga kapansanan. Ang bagong batas ay isang makabuluhang hakbang sa paglalakbay upang maging isang tunay na madaling maka-akses na lalawigan.

Sa ilalim ng *Batas ng Accessible B.C.*, hinhingi sa pamahalaan na makabuo ng isang plano ng kakayahang maka-akses at i-update ito ng kahit isang beses bawat tatlong taon. Ang planong ito ay binuo sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa pamahalaan at konsultasyon sa Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses. Ang komite ay magpapatuloy na magbigay ng payo sa pamahalaan bilang trabaho upang maipatupad ang pag-unlad sa plano.

Ang mga prinsipyo ng kakayahang maka-akses na isinasaalang-alang sa panahon ng pagbubuo ng planong ito ay kinabibilangan ng: pagsasama, kakayahang umangkop, pagkakaiba-iba, pakikipagtulungan, sariling pagpupunyagi, at unibersal na disenyo. Ang mga pangunahing prinsipyong ito ay magpapaalam din sa gawain ng Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses habang ang trabaho upang mabuo ang mga iminungkahing pamantayan sa kakayahang maka-akses ay nagsisimula.

Pagtutuon-pansin: Ano ang mga halimbawa ng mga hadlang sa kakayahang maka-akses?

Pangsalobin: Kapag ang mga tao ay nag-iisip at kumikilos batay sa mga maling pagpapalagay, tulad ng:

- Paggawa ng mga pagpapasya tungkol sa mga taong may kapansanan nang hindi isinasama ang mga ito
- Hindi naniniwala na ang isang taong may kapansanan ay maaaring mag-ambag sa puwersa ng manggagawa

Pisikal: Kapag ang mga hadlang sa isang kapaligiran ay nagpapahirap sa pag-akses, tulad ng:

- Pagho-host ng mga hindi napupuntahang kaganapan o mga lugar ng pagpupulong
- Isang banyo na may nagagamit na stall ngunit walang awtomatikong pambukas ng pinto

Impormasyon o komunikasyon: kapag ang mga taong may mga kapansanan ay hindi kasama dahil gumagamit sila ng ibang mga paraan upang makipag-usap, tulad ng:

- Paggamit ng maliliit na print o hindi pagbibigay ng mga malalaking print na bersyon ng materyal
- Mga video, mga kaganapan, o mga pagpupulong na walang mga saradong paliwanag (caption)

Sistematiko: Kapag ang mga patakaran, mga kasanayan o mga pamamaraan ng isang organisasyon ay nagreresulta sa pagbubukod, tulad ng:

- Hindi pagbibigay ng isang Tagasalin sa Senyas ng Amerikano (American Sign Language) o saradong pagpapaliwanag (captioning)
- Pangangailangan ng isang lisensya sa pagmamaneho para sa isang trabaho na maaaring ma-organisang muli upang gumamit ng isa pang uri ng transportasyon

Teknolohiya: Kapag ang teknolohiya ay hindi magamit ng mga taong may mga kapansanan, tulad ng:

- Mga website, mga dokumento, o mga database na hindi magamit para sa mga mambabasa ng screen
- Mga talaguhitan ng website at tsart na nai-paskil nang walang teksto upang ipaliwanag ang mga ito

Pandamdám: Kapag ang impormasyon ng pandama tulad ng mga ilaw, mga tunog, mga amoy, atbp. ay nakakapigil sa pakikilahok sa kapaligiran, tulad ng:

- Mga katrabahong may suot na pabango sa lugar ng trabaho
- Paggamit ng fluorescent na pag-iilaw sa lugar ng trabaho

Mga Aksyon Hanggang Ngayon

Ang Pamahalaan ng British Columbia ay may matagal na pangako sa kakayahang maka-akses, pagkakaiba-iba, at inklusyon. Ang kakayahang maka-akses ay isang patuloy na paglalakbay at sa mga nakaraang taon, nagsagawa kami ng maraming mga aksyon upang gawing mas madaling makuha ang mga serbisyo ng pamahalaan, na kasama ang mga sumusunod:

- Nagbigay ng \$1.5 milyon sa 20 pampublikong post-sekondaryong institusyon at \$250,000 sa mga kasosyo sa paghahatid ng serbisyo noong 2021 upang suportahan ang tagumpay ng mga nag-aaral na may mga kapansanan. [Nanguna: Ministeryo ng Masulong na Edukasyon at Pagsasanay ng Kasanayan]
- Inilunsad ang Pag-uugnay sa British Columbia (Connecting British Columbia) na programa upang makatulong na magbayad para sa imprastraktura na kinakailangan upang maihatid ang high-speed na koneksyon sa internet sa kanayunan at mga liblib na lugar. [Nanguna: Ministeryo ng mga Serbisyo sa mga Mamamayan]
- Inilunsad ang Kakayahang Maka-akses at Inklusyon na Toolkit upang maglingkod bilang isang pangunahing mapagkukunan na nagbibigay ng mga hakbang-hakbang na mga tagubilin sa mga kawani ng pamahalaan sa kung paano lumikha ng maa-akses na digital na nilalaman tulad ng mga website, mga ulat, at mga pagtatanghal. [Nanguna: Ministeryo ng mga Serbisyo sa mga Mamamayan]

- Bumuo ng Patakaran sa Panlipunang Pamamahala at Programa ng mga Gusali para sa Tao na nagtatrabaho sa Rick Hansen Foundation upang alisin ang mga hadlang sa mga gusali ng pamahalaan ng lalawigan at dagdagan ang pagiging mapagsama. [Nanguna: Ministeryo ng mga Serbisyo sa mga Mamamayan]
- Nakikipagtulungan sa publiko tungkol sa mga hadlang at mga priyoridad upang mapahusay ang mga kinakailangan sa kakayahang maka-akses sa mga bagong gusali at ipaalam sa Code ng Gusali ng BC. [Nanguna: Ministeryo ng Abogado Heneral at Ministro na responsable para sa Pabahay]
- Pagdaragdag ng pondo ng \$10-milyon bawat taon para sa mga medikal na benepisyo sa ilalim ng At Home na Programa, na nagbibigay ng medikal na kagamitan para sa mga bata at kabataan na may kumplikadong mga pangangailangan sa pangangalaga. [Nanguna: Ministeryo ng Pag-unlad ng mga Bata at Pamilya]
- Pinalawak na pag-akses sa Suportadong Pag-unlad ng Bata at Aborihinal na Suportadong Pag-unlad ng Bata na mga programa upang paganahin ang inklusibong pangangalaga ng bata para sa humigit-kumulang na 2,000 karagdagang mga bata. [Nanguna: Mga Ministeryo ng Pag-unlad ng mga Bata at Pamilya at Edukasyon at Pangangalaga ng Bata]
- Inilunsad ang Toolkit ng Inklusibong Pangangalaga ng Bata, na isang madaling gamitin na mapagkukunan na inilaan upang suportahan ang mataas na kalidad, mga inklusibong kasanayan sa mga kapaligiran ng pangangalaga ng bata sa buong British Columbia. [Nanguna: Ministeryo ng Edukasyon at Pangangalaga ng Bata]
- Inilunsad ang Mga Pundasyon ng Inklusibong Pagsasanay sa Pangangalaga ng Bata, isang online na 20-oras na kurso na magagamit nang walang bayad ng mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata

upang suportahan ang pagtaas ng kapasidad para sa inklusibong pangangalaga ng bata. [Nanguna: Ministeryo ng Edukasyon at Pangangalaga ng Bata]

- Pinahusay ang kakayahang maka-akses ng mga tanggapan ng Sangay ng mga Pamantayan sa Trabaho sa Langley, Victoria, Kelowna, Nanaimo, Prince George at Richmond. Kasama sa mga pagpapabuti ang mga awtomatikong pambukas ng pinto at ibinaba ang taas ng mga nasa harapang mga mesa ng counter. Ministeryo ng Paggawa]
- Pinahusay na mga karapatan sa pampublikong paggamit at mga proteksyon para sa mga taong gumagamit ng isang gabay o serbisyong aso sa pamamagitan ng mga susog sa pambatasan. [Nanguna: Pampublikong Kaligtasan at Solisitor Heneral]
- Pinahusay ang kakayahang maka-akses ng mga suporta at mga serbisyo na inaalok sa mga tao tungkol sa tulong sa kapansanan mula sa pananaw ng isang Bingi at Nahihirapang Makarinig [Nanguna: Ministeryo ng Panlipunang Pag-unlad at Pagbabawas ng Kahirapan]
- Pagdaragdag ng pamumuhunan sa naa-akses na turismo na nagreresulta sa mahigit sa 100 na bago o na-upgrade na madaling magamit na mga pasilidad sa turismo mula noong 2020 sa buong lalawigan. [Nanguna: Ministeryo ng Turismo, mga Sining, Kultura at Isport]

Pagtutuon-pansin sa COVID-19

Mula noong Marso 2020, ipinakilala ng pamahalaan ang mga hakbang bilang tugon sa COVID-19 na tumutulong sa mga British Columbian na may mga kapansanan na manatiling may kaalaman, suportado at konektado sa iba kapag naghahanap sila ng mga serbisyo. Narito ang ilang mga halimbawa:

- Nagbigay ng pansamantalang mga suplemento ng kita para sa mga tumatanggap ng tulong sa kita at kapansanan. [Nanguna: Ministeryo ng Panlipunang Pag-unlad at Pagbabawas ng Kahirapan]
- Sinuportahan ang pinalawak na paggamit ng teknolohiya sa virtual na pagpupulong (hal., Zoom) upang mapabuti ang kakayahan ng lalawigan na maghatid ng mga virtual na serbisyo sa panahon ng COVID-19 at higit pa. [lahat ng mga ministeryo]
- Itinatag ang isang Pangkat na Nagtatrabaho sa Pagsisimula ng Paaralan sa Pangkaisipang Kalusugan sa pakikipagtulungan sa Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng BC (BC Center for Disease Control) upang matukoy ang mga epekto ng pandemya sa edukasyon ng K-12 at nakabuo ng isang mapagkukunang pansuporta para sa mga paaralan. [Nanguna: Ministeryo ng Edukasyon at Pangangalaga ng Bata]

Pagtutuon-pansin sa Mas Malakas na BC (StrongerBC): Isang Plano para sa Ngayon, isang Pangitain para sa Kinabukasan

Inilabas noong unang bahagi ng 2022, ang Planong Pang-ekonomiya ng Mas Malakas na BC ay isang pangmatagalang plano upang bumuo ng isang ekonomiya na gumagana para sa lahat. Ang plano ay nagtatakda upang makatulong na punan ang isang milyong mga trabaho sa susunod na 10 taon sa pamamagitan ng pamumuhunan sa pagsasanay sa kasanayan, pagbuo ng mga matatag na komunidad at pagpoposisyon sa B.C. bilang isang pinuno sa mundo sa isang mababang-karbon na ekonomiya.

Ang plano ay nagtatayo ng malakas na pagbawi sa ekonomiya ng lalawigan at kinikilos na pasulong ang B.C. sa pamamagitan ng pagsisimula na harapin ang dalawa sa mga pinakamalaking paghamon ng lalawigan - hindi pagkakapantay-pantay at pagbabago ng klima.

Sa pamamagitan ng pagsisimulang harapin ang hindi pagkakapantay-pantay, ang Lalawigan ay sumusuporta sa mga tao at mga pamilya sa buong hanay ng mga inisyatibo upang gawing mas mabuti at mas ligtas ang buhay. Titiyakin ng planong ito na ang mga kita ng sambahayan ay makakaabot nang mas malayo at ang mga tradisyonal na hindi sapat na kinakatawan ay magkakaroon ng mga suporta na kinakailangan para sa

mas maraming mga pagkakataon sa lugar ng trabaho at sa ating mga komunidad.

Ang isa sa mga misyon sa ilalim ng plano ay ang Pagsusuporta sa mga Tao at mga Pamilya. Ang ibig sabihin:

- Pamumuhunan sa mga tao at mga pamilya upang gawing mas madaling ma-akses at abot-kaya ang pamumuhay
- Paghahatid ng mga naa-akses na serbisyo - tulad ng pangangalagang pangkalusugan at pangangalaga sa bata
- Pagpapalawak ng mga naa-akses na pagkakataon para sa edukasyon at pagsasanay

Ang pangalawang misyon, Pagbuo ng mga Matatag na Komunidad, ay nangangahulugan na:

- Pagtulong sa mga komunidad na umunlad sa makabago, naa-akses na imprastrukturang matatag sa mga pagbabago sa klima at sa ekonomiya
- Pagtatayo ng abot-kaya, naa-akses na pabahay, mga bagong paaralan at mga ospital

Pagtitiyak na ang bawat komunidad sa B.C. ay mayroong akses sa mabilis na internet

Pagtutuon-pansin sa Pagpapahayag ng Plano ng Aksyon sa Batas ng mga Karapatan ng mga Katutubong Tao

Noong Marso 2022, inilabas ng Pamahalaan ang Limang Taong Planong Aksyon ng B.C. upang ipatupad ang Pagpapahayag ng Batas ng mga Karapatan ng mga Katutubong Tao. Binabalangkas ng planong ito ang pangmatagalang pangitain upang makamit ang mga layunin ng Deklarasyon ng United Nations sa mga karapatan ng mga Katutubong Tao.

Ang Ministeryo ng mga Pakikipag-ugnay at Pagkakasundo sa Katutubo ang nanguna sa pagbubuo ng planong ito sa pakikipagtulungan sa mga Katutubong Tao. Ang mga layunin, mga kinalabasan at aksyon sa planong ito ay resulta ng malawak na konsultasyon at pakikipagtulungan sa mga Katutubong tao.

Ang lahat ng pamahalaan ay nagbabahagi ng responsibilidad para sa 89 na aksyon sa planong ito. Kabilang sa mga aksyon ay upang suportahan ang pagkakakilanlan, pag-iwas, at pag-aalis ng mga hadlang para sa mga Katutubong tao na may mga kapansanan bilang bahagi ng pagpapatupad ng Batas ng Kakayahang Maka-akses ng British Columbia. Kasama dito ang pagtitiyak na ang pagbubuo ng mga pamantayan sa kakayahang maka-akses ay isinasaalang-alang ang mga karapatan na kinilala at pinatunayan ng Deklarasyon ng UN.

Pagtutuon-pansin sa iba pang mga plano ng pamahalaan

Maraming pang ibang mga inisyatibo ng pamahalaan ang nagkukomplemento sa gawain na isinasagawa upang matugunan ang mga hadlang sa kakayahang maka-akses. Kabilang sa iba pang mga kaugnay na mga inisyatibo ng buong pamahalaan ay:

- **MagkakasamaBC (TogetherBC):** Ang pinaka-unang diskarte sa pagbabawas ng kahirapan sa BC na ipinakilala noong 2019 na mayroong mga target upang mabawasan ang parehong pangkalahatang kahirapan at kahirapan ng bata.
- **Kung Saan Tayong Lahat ay Kabilang (Where We All Belong):**
Estratehiya sa Pagkakaiba-iba at Inklusyon: Ang Kung Saan Lahat Tayo ay Kabilang ay naglalayon na matiyak na ang Pampublikong Serbisyo ng BC ay sumasalamain sa ating lalawigan at inklusibo sa mga Katutubong tao, mga komunidad ng minorya, mga imigrante, mga taong may mga kapansanan at komunidad ng LGBTQ2S+.
- **Estratehiya sa Aktibong Transportasyon ng Malinis na BC (Clean BC's Active Transportation Strategy):** Ang Estratehiya sa Aktibong Transportasyon ay naglalayong itaguyod ang mga aktibong network ng transportasyon na ligtas, naa-akses, at maginhawa para sa lahat.
- **Isang Landas sa Pag-asa (A Pathway to Hope): (Estratehiya sa Pangkaisipang Kalusugan at mga Pagkagumon):** Ang Isang Landas sa Pag-asa ay nagtatatag ng isang mapa para sa paggawa ng

pangangalaga sa pangkaisipang kalusugan at mga pagkagumon na mas mahusay para sa mga tao sa B.C.

Pagsusulong: Ang Aming mga Priyoridad para sa 2022/25

Ang seksyon na ito ay naglilista ng mga prayoridad ng pamahalaan para sa pagdaragdag ng kakayahang maka-akses mula 2022/23 hanggang 2024/25. Sa diwa ng 'walang tungkol sa amin, kung wala kami" ang pamahalaan ay nakatuon na magtrabaho sa pakikipagtulungan sa mga taong may mga kapansanan at sa Panlalawigang Komite ng Kakayahang Maka-akses upang matiyak na ang mga priyoridad na ito ay nakahanay sa isinabuhay na karanasan ng mga taong may mga kapansanan.

Priyoridad 1: Paglikha ng isang Kultura ng Kakayahang Maka-akses at Inklusyon

Patuloy kaming makikipagtulungan sa mga kasosyo sa buong lalawigan upang madagdagan ang kamalayan tungkol sa kakayahang maka-akses at sa *Batas ng Accessible B.C.*, at bumuo ng kapasidad sa loob ng pamahalaan upang mapangalagaan ang isang kultura ng inklusyon upang hamunin ang mga hadlang na pansalobin na hinaharap ng mga taong may mga kapansanan. Kabilang sa mga priyoridad ay:

- I-aplay ang isang Pagsusuri Batay sa Kasarian kasama ang lens [Gender Based Analysis plus lens (GBA+)] upang masuri kung paano maaaring maranasan ng magkakaibang mga grupo ang mga patakaran, mga programa, at mga inisyatibo ng pamahalaan. [Nanguna: Ministeryo ng Pananalapi]
- Maghatid at hikayatin ang mga kawani na lumahok sa mga kaganapan ng pagpapataas ng kamalayan, kabilang ang Linggo ng Kakayahang Maka-akses (Mayo/Hunyo), Buwan ng Kamalayan sa Pagtatrabaho ng may Kapansanan (Setyembre), Buwan ng Rehiyong Plano ng Pag-iimpok sa Kapansanan (Oktubre), Buwan ng Kamalayan sa Kapansanan ng Katutubo (Nobyembre) at ang Internasyunal na Araw ng mga Taong

may may mga Kapansanan (Disyembre 3). [Nanguna: Ahensiya ng Pampublikong Serbisyo]

- Bumuo ng isang Pagiging Madaling Ma-akses na Estratehiya upang lumikha ng kamalayan, magsulong ng isang kultura ng kakayahang maka-akses, at mapahusay ang kapasidad para sa Ahensiya ng Pampublikong Serbisyo at mga kinatawan ng ahensiya upang maihatid ang mas naa-akses na mga serbisyo. [Nanguna: Ahensiya ng Pampublikong Serbisyo]
- Suportahan ang pamumuno sa kakayahang maka-akses sa pampublikong serbisyo sa pamamagitan ng Konseho ng Pagpapayo sa Kakayahang Maka-akses ng Empleyado (Employee Accessibility Advisory Council) at ng Komunidad ng Kakayahang Maka-akses ng Pagsasagawa (Accessibility Community of Practice). Kasama sa mga miyembro ng mga pangkat na ito ang mga pampublikong tagapaglingkod na interesadong manatiling pangkasalukuyan sa pinakamahusay na kasanayan para sa Kakayahang maka-akses at pagiging inklusibo. [Nanguna: Ahensiya ng Pampublikong Serbisyo at Ministeryo ng mga Serbisyo sa Mamamayan]

Pagtutuon-pansin sa Opisina ng Katarungan sa Kasarian

- Ang katarungan sa kasarian ay tungkol sa pag-aalis ng mga hadlang na pumipigil sa mga tao na maabot ang kanilang buong potensyal. Kadalasan, ang mga kababaihan at magkakaibang kasarian na mga tao ay nakakaranas ng kawalang-katarungan. Ito ay totoo lalo na kapag nakikibaka din sila sa mga kawalang-katarungan at sistematikong pang-aapi, kabilang ang kahirapan, kapootang panlahi, ableism (diskriminasyon sa kakayahan) at/o homophobia at transphobia.
- Kapag ang lahat ng mga British Columbian - anuman ang kanilang kasarian, lahi, klase, sekswal na oryentasyon o kakayahan - ay maaaring maabot ang kanilang buong potensyal, ang ating mga komunidad at ekonomiya ay mas malakas, mas mahusay na mga lugar para sa lahat.
- Ang Opisina ng Katarungan sa Kasarian ay:

- Nagseseguro na ang pangako ng pamahalaan sa pagkakapantay-pantay ng kasarian ay makikita sa mga badyet, mga patakaran, at mga programa ng pamaahalaan.

Gumaganap bilang ugnayan ng pamahalaan para sa mga samahan na may alalahanin sa pagkakapantay-pantay ng kasarian at pagsulong ng mga kababaihan.

Prioridad 2: Impormasyon at mga Komunikasyon

Ang pagdidisenyo ng mga webpage na hindi mabasa ng mga mambabasa ng screen o hindi pagkakaroon ng impormasyon na magagamit sa American Sign Language (ASL) ay mga halimbawa ng mga hadlang sa kakayahang maka-akses. Magsasagawa kami ng mga hakbang upang matiyak na ang mga taong may mga kapansanan ay maaaring makatanggap at maunawaan ang impormasyon at mga komunikasyon na inihatid ng Pamahalaan ng British Columbia. Kabilang sa mga prioridad ang:

- Pagdaragdag ng bilang ng mga inaalok na virtual na serbisyo para sa hustisya (hal., pag-akses sa Virtual na Sentro ng Hustisya ng Katutubo (Virtual Indigenous Justice Centre) para sa mga Katutubong komunidad) at mga serbisyong nauugnay sa pabahay (hal. paglikha ng buong digital na proseso ng intake para sa mga serbisyo sa paglutas ng pagtatalo sa pabahay sa pagitan ng mga nangungupahan at mga kasero). [Nanguna: Ministeryo ng Abogado Heneral at Ministrong responsable para sa Pabahay]
- Pakikipagtulungan sa pagpopondo sa pamahalaan ng Canada upang ikonekta ang lahat ng mga natitirang sambahayan sa kanayunan sa lalawigan sa mabilis na internet sa 2027. [Nanguna: Ministeryo ng mga Serbisyo sa mga Mamamayan]
- Muling pagdidisenyo ng mga pampublikong serbisyo at mga webpage sa online ng pamahalaan upang gawing mas episyente at madaling i-akses ang mga ito. Pagsisiguro na ang mga website ng pamahalaan ay

nakakatugon sa mga Alituntunin sa Kadaliang Maka-akses ng Nilalaman ng Web, antas ng AA. [Nanguna: Ministryo ng mga Serbisyo sa mga Mamamayan]

- Pag-aalis ng mga hadlang upang matukoy ang proseso ng pagpapatunay ng card ng mga serbisyo ng BC, na nagbibigay ng akses sa mga serbisyo ng pamahalaan para sa mga residente ng B.C. [Nanguna: Ministryo ng mga Serbisyo sa mga Mamamayan]
- Pabutihin ang kakayahang maka-akses ng pampublikong impormasyon tungkol sa mga Parke ng BC, kabilang ang muling pag-aayos at pagbabago ng nilalaman sa simpleng wika. [Nanguna: Ministryo ng Kapaligiran at Estratehiya sa Pagbabago ng Klima]
- Gawing moderno ang mga kinakailangan para sa mga pampublikong abiso ng lokal na pamahalaan upang maabot nila ang pinakamaraming bilang ng mga tao sa kanilang mga komunidad. [Nanguna: Ministryo ng mga Gawaing Pangmunisipyo]
- Suportahan ang pagpapahusay ng mga koleksyon ng pampublikong aklatan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga numero at mga pormat na magagamit at maghanap ng mga pagkakataon upang mapabuti ang paggamit sa mga aklatan [Nanguna: Ministryo ng mga Gawaing Pangmunisipyo]
- Makipagtulungan sa First Nations at mga lokal na pamahalaan upang mapahusay ang disenyo ng mga planong pang-emerhensiya upang isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga taong may mga kapansanan. [Nanguna: Ministryo ng Kaligtasan ng Publiko at Solisitor Heneral: Pamamahala ng Emerhensiya ng BC]
- Pabutihin ang kakayahang maka-akses ng MySelf Serve na portal sa online na ginagamit ng mga taong tumatanggap ng kita at tulong sa kapansanan. [Nanguna: Ministryo ng Panlipunang Pag-unlad at Pagbabawas ng Kahirapan]

Priyoridad 3: Mga Gusali, Imprastruktura at mga Pampublikong Espasyo

Ang kakulangan ng mga pagbabawas sa kurbada, awtomatikong mga pambukas ng pinto, mga elevator o madilim na pag-iilaw ay maaaring gawing mahirap ang mga gusali para makapaglayag ang mga taong may mga kapansanan. Kami ay magpapatuloy na magtrabaho upang gawin ang mga gusali ng pamahalaan, mga opisina, at mga pampublikong lugar na mas naa-akses. Kabilang sa mga priyoridad ay:

- Ipagpatuloy na ayusin at pahusayin ang kakayahang maka-akses ng mga korte. [Nanguna: Ministeryo ng Abogado Heneral at Ministrong responsable para sa Pabahay]
- Magbigay ng suporta sa mga taong may mga kapansanan upang iangkop ang kanilang mga tahanan upang mapabuti ang kakayahang maka-akses sa pamamagitan ng BC Rebate for Accessible Home Adaptations. [Nanguna: Ministeryo ng Abogado Heneral at Ministro na responsable para sa Pabahay]
- Tukuyin, unahin, planuhin at magsagawa ng mga pamumuhunan upang mapahusay ang kakayahang maka-akses sa mga espasyo ng pamahalaan. Ang pinahusay na pag-akses sa mga banyo at pagiging inklusibo ay magiging pokus ng gawaing ito. [Nanguna: Ministeryo ng mga Serbisyo sa mga Mamamayan]
- Magtrabaho sa mga pagpapabuti ng kakayahang maka-akses sa lahat ng mga parke ng bansa at makipagsosyo sa mga pangkat ng komunidad upang bumili ng mga umaangkop na kagamitan (hal., mga Trail Rider, mga Mobi-Mat, mga handcycle o mga umaangkop na kayak). [Nanguna: Ministeryo ng Kapaligiran at Estratehiya sa Pagbabago ng Klima]

- Magpatuloy sa pagtatrabaho upang isama ang mga pamantayan sa kakayahang maka-akses sa mga patakaran at kasanayan sa pagkuha. [Nanguna: Ministeryo ng Pananalapi]
- Itaguyod ang kakayahang maka-akses sa mga gusali sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kakayahang maka-akses bilang isang pamantayan sa pagiging karapat-dapat upang makatanggap ng pondo para sa mga kapital na proyekto sa ilalim ng mga programa ng gawad para sa mga lokal na pamahalaan at mga organisasyong hindi-pangkalakal. [Nanguna: Ministeryo ng mga Gawaing Pangmunisipyo]
- Isama ang mga kontemporaryong pagpapabuti ng disenyo at kakayahang maka-akses kapag nagkukumpuni o nagpapalit ng mga lipas na sa panahong mga pasilidad ng mga Billanguan ng BC (BC Corrections). Halimbawa, inaasahang makumpleto ang Nanaimo Correctional Center Replacement na Proyekto sa 2024.m [Nanguna: Ministeryo ng Kaligtasan ng Publiko at Solisitor Heneral]
- Makipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan at komunidad ng kapansanan upang matiyak ang ligtas na operasyon ng mga ibinahaging mga aparato sa kadaliang kumilos tulad ng mga de-koryenteng scooter [Nanguna: Ministeryo ng Transportasyon at Imprastruktura]
- Ipagpatuloy na magbigay ng pondo para sa mga Katutubo at mga lokal na pamahalaan upang makabuo ng mas pinagsama at aktibong mga sistema ng transportasyon batay sa mga prinsipyo ng unibersal na disenyo. [Nanguna: Ministeryo ng Transportasyon at Imprastruktura]

Pagtutuon-pansin sa pakikipag-ugnayan ng publiko tungkol sa kakayahang maka-akses sa Kodigo sa Gusali ng BC (BC Building Code)

- Ang Abogado Heneral at Ministrong Responsable para sa Pabahay ay nangunguna sa trabaho sa susunod na bersyon ng BC Building Code, nakikipagtulungan sa Kalihim ng Parlyamentaryo para sa Kakayahang Maka-akses upang matiyak na isasama nito ang mga pagbabago na

gagawing mas madaling ma-akses ang mga bagong gusali para sa lahat ng tao.

- Noong Taglagas 2021, ang pamahalaan ay nagsagawa ng isang 11-linggong pakikipag-ugnayan sa publiko upang humingi ng katugunan sa mga hadlang sa kakayahang maka-akses at mga pagkakataon upang ipaalam ang pag-unlad ng mga iminungkahing kinakailangan sa kakayahang maka-akses sa BC Building Code.
- Ang pamahalaan ay magpapatuloy na makipagtulungan sa mga kinatawan ng industriya, mga kasosyo, at publiko upang bumuo ng magkakasundo at pinahusay na mga kinakailangan sa kakayahang maka-akses para sa pambansa at panlalawigang mga code ng mga gusali.

Manghihingi kami ng katugunan sa mga iminungkahing pagbabago sa code ng kakayahang maka-akses at iuugma din ang pag-aabot-kamay ng edukasyon sa mga propesyonal sa industriya upang suportahan ang pagpapatupad ng mga bagong kinakailangan sa code.

Prioridad 4: Trabaho sa Pampublikong Serbisyo ng B.C.

Ang mga taong nagtatrabaho sa Pampublikong Serbisyo ng B.C. ay dapat na sumalamin sa pagkakaiba-iba ng mga British Columbian. Ipagpapatuloy namin ang aming pagtutuon sa pagtutukoy, pag-aalis, at pagpipigil ng mga hadlang sa trabaho sa Pamahalaan ng British Columbia. Ito ay naa-aplay din kapwa sa mga taong may mga kapansanan na naghahanp ng isang karera sa loob ng pamahalaan at mga umiiral na empleyadong may mga kapansanan.

- Ipapatupad ang “Kung Saan Tayong Lahat ay Kabilang”, ang aming 3-taong Estratehiya sa Pagkakaiba-iba at Inklusyon upang matiyak na ang pampublikong serbisyo ay sumasalamin sa lalawigan at mapagsama sa mga Katutubong tao, mga komunidad ng minoritya, mga imigrante, mga taong may mga kapansanan, at ang LGBTQ2S+ na komunidad.
[Nanguna: Ahensiya ng Pampublikong Serbisyo]

- Lumikha ng isang sentralisadong sistema upang mas mahusay na suportahan ang mga tagapamahala ng pag-eempleyo at mga aplikante ng trabaho ng Pampublikong Serbisyo ng B.C. tungkol sa kakayahang maka-akses at kaluwagan. [Nanguna: Ahensiya ng Pampublikong Serbisyo]
- Magbigay ng pag-aaral, pagtuturo, at pagpapayo sa mga empleyado na nahaharap sa mga hadlang upang matulungan silang makamit ang pagkakaroon ng trabaho sa pamamagitan ng Work-Able Internship na Programa. Ang Work-Able ay isang 12-buwan na bayad na pag-iinterna kasama ang Pampublikang Serbisyo ng B.C. para sa kamakailan (sa loob ng huling tatlong taon) na post-sekondaryong mga nagtapos na nagpapakilala sa sarili bilang mayroong kapansanan. [Nanguna: Ahensiya ng Pampublikong Serbisyo]
- Pag-aabot-kamay sa mga organisasyon ng kapansanan na nagtataguyod ng mga trabaho sa loob ng Pampublikong Serbisyo ng B.C. [Nanguna: Ahensiya ng Pampublikong Serbisyo]
- Suriin at, kung kinakailangan, i-update ang kasalukuyang patakaran at mga pamamaraan na iginagalang ang tungkulin upang mapaunlakan at iba pang kasamang mga obligasyon sa mga karapatang pantao at matiyak na ang pagsasanay at suporta ay magagamit para sa mga kawani at mga tagapamahala ng pag-eempleyo. Ahensiya ng Pampublikong Serbisyo]

Priyoridad 5: Paghahatid ng mga Kalakal at mga Serbisyo

Mahigit sa 926,000 na mga tao sa British Columbia ay may ilang uri ng kapansanan. Ang pamahalaan ng B.C. ay magpapatuloy na isulong ang mga patakaran, mga pamamaraan, at mga kagamitan upang matiyak na ang mga taong may mga kapansanan ay may pantay na pag-pag-akses sa mga kalakal at mga serbisyo na inihatid ng Pamahalaan ng B.C.

- Gawing makabago ang grupo ng mga programa na pinangangasiwaan ng StudentAid ng BC upang matugunan ang mga hadlang para sa mga nag-aaral na may mga kapansanan upang ma-akses ang post-sekondaryong edukasyon. Ang mga programang ito ay nagbibigay sa mga karapat-dapat na mag-aaral ng tulong na pananalapi, mga tumutulong na serbisyo at kagamitan, at mga naka-target na programa ng suporta sa institusyon. [Ministry of Education and Child Development]
- Ipakilala ang mga sentro ng koneksyon ng pamilya upang pahintulutan ang mga pamilya na magkaroon ng naa-akses at inklusibong mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na may mga pangangailangan sa suporta nang walang isang pagsasanggalang o diyagnosis. [Nanguna: Ministry of Family Services]
- Muling idisenyo ang inisyatibo ng mga Pinagdalubhasang Bahay at mga Pansuportang Serbisyo upang mapabuti ang pag-akses sa pangunahing pag-iwas at suporta sa maagang interbensyon para sa mga bata at kabataan, kabilang ang pagpapahinga, mababang-hadlang na pagpapatatag, pang-emerhensiyang pangangalaga, at pangmatagalang dalubhasang pangangalaga. [Nanguna: Ministry of Family Services]
- Patuloy na maghatid ng mga programa ng Kasunduan sa Pagpapaunlad ng Puwersa ng Manggagawa [Workforce Development Agreement (WDA)] upang magbigay ng mga suporta sa kakayahang maka-akses, umaangkop na teknolohiya, at iba pang mga paraan para

mapagtagumpayan ang mga hadlang sa pakikilahok ng mga taong may mga kapansanan sa alinman sa pagsasanay o trabaho. Kasama dito ang mga Serbisyo sa Trabaho ng WorkBC, mga Pakikipagtulungan ng Komunidad at Empleyado, ang Taunang Iksemsyon sa mga Kita, ang programa ng Pagsasanay ng mga Kasanayan para sa mga Tao na may mga Kapansanan, at bago maging aprentis (pre-apprenticeship) na programa ng Awtoridad sa Pagsasanay ng Industriya. [Nanguna: Ministeryo ng Panlipunang Pag-unlad at Pagbabawas ng Kahirapan at Ministeryo ng Masulong na Edukasyon at Pagsasanay ng mga Kasanayan].

- Mamuhunan sa mga gawad sa pagsasanay sa turismo upang magbigay ng higit na pag-akses sa mga pagkakataon sa post-sekondaryo at pangangalakal na mga pagsasanay para sa mga mag-aaral. Ang mga aplikasyon mula sa mga hindi sapat na kinakatawan na mga grupo ay uunahin: Mga mag -aaral ng Katutubo, imigrante o mga refugee, mga mag-aaral sa kanayunan o malayong mga lokasyon, at mga mag-aaral na may mga pangangailangan sa kakayahang maka-akses. [Nanguna: Ministeryo ng Turismo, mga Sining, Kultura at Isport]
- Patuloy na suportahan ang mga taong may mga kapansanan na nagtatrabaho sa lahat ng mga sektor ng malikhaing ekonomiya ng B.C., halimbawa sa pamamagitan ng matimbang na pamantayan at prayoritisasyon sa paglalaan ng pagpopondo para sa mga Amplify BC na programa. [Nanguna: Ministeryo ng Turismo, mga Sining, Kultura at Isport]
- Dagdagan ang pag-akses sa pagpopondo para sa umuusbong at naghahanap ng katarungan na mga gumagawa ng pelikula sa B.C., kabilang ang mga taong may mga kapansanan sa pamamagitan ng Pantay at Umuusbong na Programa sa Pag -unlad. [Nanguna: Ministeryo ng Turismo, mga Sining, Kultura at Isport]
- Ipagpatuloy ang inisyatibo ng Isport Pagkatapos ng Iskuwela at mga Sining (After School Sport at Arts) na nagbibigay ng libreng isport, pisikal na aktibidad, at mga pagkakataon sa malikhaing sining para sa

mga mag-aaral na nahaharap sa mga hadlang sa pakikilahok sa pamamagitan ng nakalaang pagpopondo sa kakayahang maka-akses. [Nanguna: Ministeryo ng Turismo, mga Sining, Kultura at Isport]

- Itaguyod ang B.C. bilang isang inklusibo at mapagtanggap na patutunguhan para sa lahat sa pamamagitan ng Estratehikong Balangkas para sa Turismo sa B.C. Sinusuportahan ng balangkas ang industriya ng turismo sa paglikha o pag-aangkop ng mga produkto ng turismo, mga serbisyo at mga karanasan na inklusibo at naa-akses ng lahat. [Nanguna: Ministeryo ng Turismo, mga Sining, Kultura at Isport]
- Makipagtulungan nang malapit sa Destinasyon BC at mga kasosyo sa industriya kabilang ang go2HR upang matugunan ang mga kakulangan sa trabaho sa industriya ng turismo sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pag-empleyo ng mga taong may mga kapansanan, mga bagong imigrante, kabataan, at mga mahihinang populasyon. [Nanguna: Ministeryo ng Turismo, mga Sining, Kultura at Isport]

Konklusyon

Ang pagdadala ng Batas ng Accessible B.C. sa pagiging batas noong 2021 ay nagpapakita ng pangako ng ating pamahalaan sa kakayahang maka-akses. Gayunpaman, sa maraming mga paraan, ang lehislyong ito ay kumakatawan sa pagsisimula ng isang mas malaking proseso at minamarkahan ang susunod na hakbang sa pagtatayo ng isang inklusibong lalawigan na nagtatrabaho para sa ating lahat.

Ang kahalagahan ng pamahalaan na nangunguna sa daan ay isang bagay na narinig natin nang malakas at malinaw sa aming mga pampublikong konsultasyon noong 2019. Ang plano ng kakayahang maka-akses ng pamahalaan na ito ay nagpapakita kung paano nagtatrabaho ang pamahalaan patungo sa layunin ng isang tunay na inklusibo at naa-akses na B.C. sa loob ng susunod na tatlong taon. Habang lumilitaw ang mga bagong priyoridad, kami ay aangkop.

Kami ay nakatuon na suportahan ang ganap at pantay na pakikilahok ng mga taong may mga kapansanan sa kanilang mga komunidad. Inaasahan ng aming pamahalaan na makisali sa inyo sa mga buwan at mga taon na parating habang ipinagpapatuloy namin ang aming gawain upang makabuo ng isang walang hadlang na B.C.

Apendiks 1: Buod ng mga Priyoridad

Prioridad 1 – Paglikha ng isang Kultura ng Kakayahang Maka-akses at Inklusyon

- I-aplay ang isang Pagsusuri na Batay sa Kasarian at mga lente [Gender Based Analysis plus lens (GBA+)] sa buong pamahalaan
- Maghatid at hikayatin ang mga kawani na lumahok sa mga kaganapan na nagpapalaki ng kamalayan sa kakayahang maka-akses
- Bumuo ng isang Estratehiya ng Pagiging Naa-akses upang mapangalagaan ang isang kultura ng kakayahang maka-akses at mapahusay ang kapasidad para sa Ahensiya ng Pampublikong Serbisyo
- Suportahan ang pamumuno sa kakayahang maka-akses sa pampublikong serbisyo

Priyoridad 2: Impormasyon at mga Komunikasyon

- Dagdagan ang bilang ng mga iniaalok na virtual na serbisyo para sa hustisya at mga serbisyong may kaugnayan sa pabahay
- Ikonekta ang lahat ng natitirang mga sambahayan sa kanayunan sa lalawigan sa high-speed internet sa 2027
- Muling idisenyo ang mga pampublikong serbisyo at mga webpage ng pamahalaan sa online upang gawing mas episyente at madaling ma-akses ang mga ito
- Alisin ang mga hadlang sa proseso ng pagpapatunay ng pagkakakilanlan sa mga card ng mga serbisyo ng BC
- Pahusayin ang kakayahang maka-akses ng pampublikong impormasyon tungkol sa mga Parke sa BC
- Gawing maabago ang mga kinakailangan para sa mga pampublikong paunawa ng lokal na pamahalaan
- Pabutihin ang pag-akses sa mga aklatan at suportahan ang pagpapahusay ng mga koleksyon ng aklatan
- Tiyakin na ang mga planong pang-emerhensiya ay kinabibilangan ng mga pangangailangan ng mga taong may mga kapansanan
- Pabutihin ang kakayahang maka-akses ng MySelf Serve na portal sa online

Priyoridad 3: Mga Gusali, Imprastruktura at mga Pampublikong Espasyo

- Ipagpatuloy na ayusin at pahasayin ang kakayahang maka-akses ng mga korte.
- Magbigay ng suporta sa mga taong may mga kapansanan upang iakma ang kanilang mga tahanan upang mapabuti ang kakayahang maka-akses
- Pahasayin ang kakayahan na ma-akses ang mga espasyo ng pamahalaan hangga't maaari
- Trabahuhin ang mga pagpapahusay sa kakayahang ma-akses sa mga harapang parke ng kabukiran ng BC Parks
- Isama ang mga pamantayan sa kakayahang maka-akses sa mga patakaran at mga kasanayan sa pagkuha
- Gawin ang kakayahang maka-akses bilang isang pamantayan sa pagiging karapat-dapat para sa mga lokal na pamahalaan at mga organisasyong hindi-pangkalakal upang makatanggap ng pagpopondo
- Isama ang mga kontemporaryong disenyo at pagpapabuti sa kakayahang maka-akses para sa mga pasilidad ng mga Billanguan ng BC
- Tiyakin ang ligtas na operasyon ng mga ibinahaging aparato ng kadaliang kumilos, tulad ng mga e-scooter
- Bumuo ng mas maraming pinagsama at aktibong mga sistema ng transportasyon batay sa mga prinsipyo ng unibersal na disenyo

Priyoridad 4: Trabaho sa Pampublikong Serbisyo ng B.C.

- Ipatupad ang "Kung Saan Lahat Tayo ay Kabilang", ang aming 3-Taon na estratehiya sa Pagkakaiba-iba at Inklusyon
- Lumikha ng isang sentralisadong sistema upang mas mahusay na suportahan ang mga tagapamahala ng pag-eempleyo at mga aplikante ng trabaho ng Pampublikong Serbisyo ng B.C. tungkol sa kakayahang maka-akses at akomodasyon
- Magbigay ng pag-aaral, pagtuturo, at pagpapayo sa mga empleyado na may mga kapansanan sa pamamagitan ng Work-Able Internship na Programa

- Pag-aabot-kamay sa mga organisasyon ng serbisyo sa kapansanan upang maitaguyod ang mga trabaho sa loob ng Pamublikong Serbisyo ng B.C.
- Suriin at i-update ang kasalukuyang patakaran at mga pamamaraan na iginagalang ang tungkulin ng kaluwagan

Priyoridad 5: Paghahatid ng mga Kalakal at mga Serbisyo

- Gawing makabago ang grupo ng mga programa na pinangangasiwaan ng StudentAid BC upang matugunan ang mga hadlang para sa mga nag-aaral na may mga kapansanan upang ma-akses ang post-sekondaryong edukasyon
- Ipakilala ang mga sentro ng koneksyon sa pamilya sa unang bahagi ng 2023 upang pahintulutan ang mga pamilya na magkaroon ng naa -akses at inklusibong mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na may mga pangangailangan sa suporta
- Muling idisenyo ang Inisyatibo ng Pinagdalubhasaang mga Bahay at mga Serbisyonang Pansuporta upang mapagbuti ang pag-akses sa pinakamahalagang pang-iwas at suporta sa maagang interbensyon para sa kaligtasan at kagalingan ng mga bata at kabataan
- Magbigay ng mga suporta sa kakayahang maka-akses, naaangkop na teknolohiya, at iba pang mga paraan para mapagtagumpayan ang mga hadlang sa pakikilahok ng mga taong may mga kapansanan sa alinman sa pagsasanay o trabaho
- Suportahan ang mga taong may mga kapansanan na nagtatrabaho sa lahat ng mga sektor ng malikhaing ekonomiya ng B.C.
- Dagdagan ang akses sa pagpopondo para sa lumilitaw at mga naghahanap ng katarungan na mga gumagawa ng pelikula sa B.C.
- Magbigay ng libreng isport, pisikal na aktibidad, at mga pagkakataon sa malikhaing sining para sa mga mag -aaral na nahaharap sa mga hadlang
- Itaguyod ang B.C. bilang isang inklusibo at mapagtanggap na patutunguhan para sa lahat sa pamamagitan ng Estratehikong Balangkas para sa Turismo sa B.C.
- Itaguyod ang pag-eempleyo ng mga taong may mga kapansanan upang matugunan ang mga kakulangan sa trabaho sa industriya ng turismo

Apendiks 2: Tala-orasan ng Pagpapatupad

[Isingit ang link sa talahanayan kung saan pinapayagan ang pormat kung naaangkop. Kung hindi ay alisin ang apendiks na ito.]

<https://www2.gov.bc.ca/assets/gov/government/about-the-bc-government/accessible-bc/accessibility-legislation-gantt.pdf>